

Mga Kinakailangan sa Pagpapatala

Upang maitalang mahusay ang inyong mag-aaral (Anne Arundel County Public Schools), mangyaring maingat na basahin at sundin ang mga hakbang sa ibaba.

Hakbang 1

Dalawang Patotoo na Namamahay sa Anne Arundel County

Hindi kukulang sa dalawang patotoo na namamahay sa Anne Arundel County ay kailangan upang mairehistro ang mga mag-aaral, subalit maaaring hilingin kayo ng higit sa dalawa.

1. Isang Kasunduan sa Upa, Dokumentong hinggil sa Pagkakasangla ng Bahay (Mortgage Document), Deed o Titulo ay kinakailangan. Kung ang dokumentong ibibigay ninyo ay hindi nasa pangalan ninyo, kailangan ninyong magsama sa tiniyak na dokumento ng isang notarized na Tenant Resident Verification (TRV). Maari kayong kumuha ng isang TRV sa anumang paaralan pampubliko sa inyong pamayanan.
2. Kailangang magsumite din ng isang utility bill (singil mula sa palingkurang-bayan) na natanggap ninyo kamakailan o kasalukuyang bank statement (ulat mula sa bangko) sa pangalan ng may-ari ng bahay o ng nangungupa sa bahay. Kailangan ninyong abisuhan ang paaralan tungkol sa anumang mga pagbabago sa inyong home address o contact information at kailangan ninyong bigyan ang paaralan ng patotoo ng inyong bagong address.

Hakbang 2

Patotoo ng Panganganak

Kailangang magsumite ng isang orihinal na sertipiko ng panganganak o passport. Kung walang makuhang sertipiko ng panganganak, kailangang magsumite ng isang affidavit (sinumpaang pahayag) na may kasamang dokumentong nagpapatibay.

Hakbang 3

Kasalukuyan Papeles hinggil sa Kalusugan

Upang maitala ang mag-aaral, kailangang magsumite ng mga opisyal na papeles, kasama ang lahat ng mga petsa (buwan, araw, taon) ng pagbabakuna o isang balidong exemption (paglilibre).

Tawagan ang inyong lokal na tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) o mga health center ng Anne Arundel County Department of Health sa inyong pamayanan upang malaman ang mga kinakailangan hinggil sa pagbabakuna bago kumuha ng appointment o tipanan sa International Student Services Office.

Glen Burnie Health Center (Sentrong Pangkalusugan ng Glen Burnie)
416 A Street, S.W., Glen Burnie, MD 21061
410-222-6633
Fax 410-222-6077

Parole Health Center (Sentrong Pangkalusugan ng Parole)
1950 Drew Street, Annapolis, MD 21401
410-222-7247
Fax 410-222-4323

Bukod dito, kailangang magsumite ng patotoo ng isang QuantiFERON TB blood test upang mairehistro ang mga mag-aaral na tumira sa ibang bansa nang 6 na buwan o higit (maliban sa mga bansang nakalista sa *Exception List*). Kinakailangang isumite ang mga resulta ng pagsisiyasat bago maaring mag-umpisang pumasok sa paaralan ang mga mag-aaral.

Hakbang 4

Mga Papeles mula sa Dating Paaralan

Mga papeles mula sa paaralan at/o mga orihinal na transcript (salin ng mga grado) ay kailangang isumite para sa mga sekundaryang mag-aaral at inirekomenda para sa mga elementaryang mag-aaral. Kung hindi pumasok sa paaralan kamakailan, kinakailangang magbigay ng dahilan. Kung magsusumite ng salin ng isang dokumento, kailangang ibigay din ang orihinal ng dokumento sa orihinal na wika.

Tumawag sa 410-263-6420 upang kumuha ng appointment.

Pansinin—Ang mga mag-aaral na nagpapatala ay kailangang samahan ng isang magulang, tagapag-alagang itinakda ng korte (court appointed guardian) o legal na katiwala o tagapag-ingat (custodian). Kung walang maaaring sumama sa mag-aaral, mangyaring tumawag sa International Student Services Office upang masangguni.